


Next Wave Cities para sa IT-BPO

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, STII



Ang mga lungsod ng Davao sa Mindanao, Sta. Rosa sa Luzon at Bacolod sa Bisayas ay ang tatlong lungsod na tinukoy bilang pinaka-angkop na lokasyon para sa patuloy na pag-unlad ng industriya ng Information Technology-Business Processing Outsourcing (IT-BPO) sa bansa, ayon sa DOST-Information and Communication Technology Office (DOST-ICTO).

Sa ginanap na paglulunsad ng *Next*

Wave Cities Annual Report para sa taong 2010 at 2011, ang tatlong lungsod, kasama ang pito pang lungsod ay kinilala ayon sa kani-kanilang kakayahang magbigay ng tulong upang maging matagumpay ang mga nagnanais na mamuhunan. Kabilang ang Iloilo, Metro Cavite, Lipa, Cagayan De Oro, Malolos, Baguio, at Dumaguete. Ang paglalahad ng nasabing ulat ay isa sa mga mahahalagang bahagi ng kasalukuyang programang Next Wave Cities kung saan

layunin nito na makapagtatag pa ng ibang IT-BPO Hub sa labas ng Metro Manila, Metro Clark at Metro Cebu.

Ayon naman kay DOST Secretary Mario G. Montejo, ang pagkilala sa mga binansagang Next Wave Cities ay makatutulong na makapagbigay ng maraming trabaho para sa mga bagong estudyanteng nagtapos, gayundin ang pagkumbinsi sa ibang Pilipino na manatili sa bansa.

“Together with our Technology Business sundan sa pahina 2

Tuklas Lunas Center ng DOST: magpapasigla ng pananaliksik ng mga gamot

Ni Luisa Soriano-Lumioan
S&T Media Service, STII

Ang Mindanao State University-Iligan Institute of Technology Campus (MSU-IIT) ang tinukoy ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD) bilang kauna-unahang Tuklas Lunas Center sa

bansa dahil sa mahusay nitong track record sa pananaliksik, mahuhusay na staff, at kapasidad nito bilang institusyon.

Bilang isang Tuklas Lunas Center, ang MSU-IIT ang manguguna sa pananaliksik na may kaugnayan sa natural substance para sa pagtuklas ng mga gamot, katulong ang iba

sundan sa pahina 2

Nilalaman

\$50B posibleng maiambag ng ICT sa 2016

p. 3

Balik Scientist tumulong sa integrasyon ng mga government system

p. 4

LarawaNews

p. 4

Next Wave Cities ... Mula sa pahina 1

"Together with our Technology Business Incubator (TBI) program, we hope to develop these cities into IT hubs that will accelerate economic development in the countryside," dagdag pa ni Sec. Montejo.

Ang pagpili sa mga nasabing lokasyon ay base sa pamantayang tulad ng bilang ng mga maaaring magtrabaho sa nasabing industriya, imprastruktura at mapayapang kapaligiran para pagtayan ng mga negosyo. Ito ang tatlong pinakamahalagang pamantayan na dapat ikonsidera sa pagtatayo ng industriya ng IT-BPO.

Kabilang din sa isinagawang pag-uulat ay ang datos na nagpapakita ng bilang ng mga estudyanteng nagsipagtapos, comparable cost, mga lugar na maaaring pagtayan at iba pang mahahalagang impormasyong kinakailangan ng industriya.

Nanguna sa listahan ang lungsod ng Davao dahil sa malaking bilang ng mga talento, na siyang resulta ng malaking bilang ng populasyon at mga kalidad na kolehiyo sa nasabing probinsya. Ang Davao ay mayroong 46 na kolehiyo, 14 dito ay may mataas na antas na accreditation, na

Tuklas Lunas Center... Mula sa pahina 1



Malaki ang maitutulong ng Tuklas Lunas Center ng DOST sa pagpapalakas ng programa ng ahensiya sa pangkalusugang pananaliksik.

pang mga institusyon sa Mindanao. Dalawa pang Tuklas Lunas Center ang tutukuyin ng DOST-PCHRD sa hinaharap; isa sa Luzon, at isa sa Visayas.

Ayon kay DOST Secretary Mario Montejo, ang paglulunsad ng Tuklas Lunas Center ay isang paraan upang mapalakas ang pananaliksik sa kalusugan at magamit ang kakayanan ng mga mananaliksik mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

Binanggit naman ni PCHRD Executive Director Jaime Montoya na ang larangan

nakakapag-aambag ng mahigit sa 13,000 nagsipagtapos.

Ayon kay Gregorio Sorio, senior executive vice president ng Cyber City Teleservices Inc ng Davao, ang bilang ng populasyon ang kanilang pangunahing ikinukonsidera.

Ang lungsod naman ng Sta. Rosa sa Laguna ay binansagang Makati of the South dahil sa mataas na kalidad na antas na imprastruktura na kinakailangan sa industriya ng BPO. Ang pagiging malapit nito sa kalakhang Maynila ay makatutulong sa paglalagay ng mga karagdagan tauhang babagay sa industriya. Karagdagan pa dito, ang mga technopark zones sa lungsod ay malaki ang naitutulong para makaakit ng mga mamumuhunan sa industriya.

Samantala, dahil sa matiwasay na business environment ang lungsod ng Bacolod ay nailagay sa ikatlong puwesto.

Ayon kay Gigi Virata, senior executive ng BPAP, "Bacolod has set a good example by making its business environment attractive for the industry. It has reaped the benefits of playing host to over 12,000 IT-BPO employees."

Ang lungsod ng Bacolod ay pangatlo

ng pananaliksik pangkalusugan ay hindi na maituturing na "Manila-centric" dahil sa pagkakatatag ng Tuklas Lunas Center at pagkakaroon ng 17 regional health research consortia sa bansa.

Ang pagkakatukey sa MSU-IIT bilang Tuklas Lunas Center ay simula pa lamang ng pagsisikap na gamitin ang mga likas na yaman ng bansa para sa pagpapalakas ng kampanya ng DOST-

PCHRD para sa drug development ayon kay Dr. Antonio Ligsay, hepe ng Research and Development Management Division ng PCHRD.

Isusulong ng PCHRD at ng mga napiling research center ang pagpapaunlad ng mga bagong gamot na pakikinabangan ng mga Pilipino, dagdag pa niya.

Ang paglulunsad ng Tuklas Lunas Center ay isa sa mga tampok na kaganapan sa anibersaryo ng DOST-PCHRD noong March 16, 2012 sa Shangri la Manila sa Lungsod ng Makati.

Ang PCHRD ay sumusuporta sa natural

sa buong bansa sa pagkakaroon ng pinakaumuunlad na ekonomiya sa larangan ng IT-BPO at 60 porsyento ng kapasidad ng operasyon, pinakamataas sa mga nakasama sa next wave cities. Ito rin ang pinakamatagumpay sa pagtatayo ng 15 IT economic zones.

Binigyang pansin din sa ginawang pag-uulat ang malaking naiambag ng mga ICT council sa pagpapaunlad ng mga Next Wave Cities.

"We encourage ICT councils to play an active role in improving the business environment in their areas," said Alejandro Melchor III, deputy executive director for ICT Industry Development ng DOST-ICTO.

Ang mga lugar sa labas ng Metro Manila ay mas nakakahikayat ng mga negosyante dahil sa mas mababang halaga ng mga operasyon dito.

Ang pagtatayo ng mga ito sa probinsya ay magdadala ng mga trabaho at oportunidad sa mga mamamayang lokal. Aabot sa 1.3 Milyon ang posibleng maiambag na trabaho ng sektor ng BPO sa loob ng limang taon.

Sa pamamagitan nito, mapapanatili ang pag-unlad ng industriya ng BPO sa bansa.

substance research sa bansa. Kabilang sa mga proyektong sinuportahan nito ay ang lagundi bilang pampaghinawa sa ubo at sambong para sa kidney stone dissolution.

Sa kasalukuyan, sinusuportahan nito ang pananaliksik ng mga halamang gamot para sa dengue at tuberculosis.

Sa kasalukuyan ang buong mundo ay mayroong panibagong interes sa natural substance research. Maituturing na natural substance ang mga produktong mula sa halaman o hayop mula sa kalupaan at karagatan.



\$50B posibleng maiambag ng ICT sa 2016

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, STII



Sa patuloy na suportang ibinibigay ng gobyerno sa industriya ng Information and Communications Technology (ICT), inaasahang \$50 bilyong ang maiambag nito sa ekonomiya ng Pilipinas sa taong 2016. Ito ay ayon sa ginanap na ICT Industry Stakeholders Consultation Workshop na pinangunahan ng Department of Science and Technology-Information and Communications Technology Office (DOST-ICTO).

Ayon kay Alejandro Melchor III, Deputy Executive Director ng ICT Industry Development ng DOST-ICTO, ang kasalukuyang administrasyon ay handang mamuhunan sa mga programa ng naturang sector sa aspeto ng policy development, marketing research, at talent development. "With government support behind the ICT industry, the upside for the country is tremendous, in addition to the \$50 billion in direct revenues that we expect to generate from this industry, we are also projecting \$150 billion indirect investments in the economy, through real-estate, transport and telecommunications, banking, taxes and others", ayon kay Melchor.

Ang mga pinuno ng industriya na nagmula

sa iba't ibang grupo ng industriya ng ICT ang siyang nakilahok sa nasabing workshop, kung saan ibinahagi ng bawat isa ang mga ideya at konsepto upang makamit nila ang layunin ng nasabing pagtitipon.

Kabilang sa mga dumalo ay ang mga kinatawan mula sa Information Technology Association of the Philippines (ITAP), Philippine Software Industry Alliance (PSIA), Philippine Computer Society (PCS), Institute of Electronics Engineers of the Philippines (IECEP), The Philippine Electronics and Telecommunications Federation (PETEF), Philippine Chamber of Telecommunication Operators (PCTO), Animation Council of the Philippines (ACPI), National ICT Confederation

ang mga kinatawan ng iba't ibang grupo sa nasabing industriya at mga negosyante na kabilang sa malawak na bahagi ng industriya at mga negosyante na kabilang sa malawak na bahagi ng industriya ng ICT upang pagplanuhan ang mga hakbang matapos ang isinagawang konsultasyon para sa ikabubuti ng Philippine Digital Strategy na itinakda noong 2010.

Kinumpirma naman ni DOST Secretary Mario G. Montejo ang nakalaang suporta ng kasalukuyang administrasyon. Ayon sa kanyang mensahe, "The ICT industry is fueled by the country's most valuable resource, its people. The Government is investing in the Filipino through investments in Science and Technology oriented training education."

Sa pagtatapos ng ginanap na workshop, nagkasundo ang mga kalahok na kinakailangan ng industriya ang suporta ng gobyerno sa anim na mahahalagang bahagi ng operasyon nito kabilang ang talent development, domestic ICT development, countryside industry development, advancement of enabled creative industries, ICT marketing and research, gayundin ang pagpapalawak nito sa high-value market.

Samantala, ikinagalak naman ni BPAP president Benedict Hernandez ang suportang ibinibigay ng gobyerno sa pagpapalawig ng industriya ng ICT, "We are grateful for the encouragement and support that the government is providing the industry. Collaborating with other industry associations in this forum has given us a renewed perspective that the industry is unified in achieving new heights in revenue and overall support of the economy".

*The ICT industry
is fueled by the
country's most
valuable resource,
its people.*

of the Philippines (NICP), Healthcare Information Management Outsourcing Association of the Philippines (HIMOAP), Philippine Society of Information Technology Educators (PSITE), Computer Manufacturers, Distributors and Dealers Association of the Philippines (COMDDAP), Contact Center Association of the Philippines (CCAP), at Business Processing Association of the Philippines (BPAP).

Ito ang kauna-unahang pagkakataon na

Aristotle P. Carandang

Editor-In-Chief

Joy M. Lazcano

Layout/Graphics

Mario B. Buarao

Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

Balik Scientist tumulong sa integrasyon ng mga government system

By Allan Ace Aclan
S&T Media Service, STII

Kinilala ng Department of Science and Technology- Information and Communications Technology Office (DOST-ICTO) ang Balik Scientist na si Raul H. Manongdo para sa kaniyang mga naging kontribusyon sa larangan ng ICT. Si Manongdo ay isang kilalang eksperto sa IT na nakabase Sa bansang Australia sa loob ng 25 na taon bago maging Balik Scientist.

Bilang isang Balik Scientist, si Manongdo ay nagsasagawa at nagsasaayos ng Database Administration Course sa DOST-ICTO. Siya ang consultant sa pagpapaunlad ng Government Interoperability Framework, isang mahalagang bahagi ng iGov project na naglalayong pagsamahin ang lahat ng Government Systems upang mapadali ang pagpapadala ng lahat ng serbisyo sa publiko.

Nagsagawa din si Manongdo ng tatlong araw na workshop upang paunlarin ang mga kasanayan ng mga IT practitioner ng National Computer Center (NCC) at Advanced Science and Technology Institute (DOST-ASTI) sa database development gamit ang Oracle 11G. "We are grateful to our countrymen who have accomplished so much in their chosen careers



Tinanggap ni Balik-Scientist Raul Manongdo (pangalawa mula kaliwa) ang plake ng pagkilala mula sa DOST para sa kanyang pamamahagi ng mga makabagong kaalaman sa larangan ng ICT. Nasa larawan mula Kaliwa: Gng. Rolando Corpuz, DOST; Dir. Denis F. Villorente, DOST-ASTI; Deputy Managing Director Juli Ana E. Sudario, DOST-NCC at Dr. Felicisimo Ople Jr., Balik Scientist Awardee para sa Renewable Energy. (Roy Espiritu, S&T Media Service, ICTO)

abroad and have taken the time and effort to share their knowledge and expertise for the benefit of the country. Mr. Manongdo's invaluable contribution to the ICTO will go a long way in developing an integrated government," ani ni Dir. Denis Villorente,

DOST-ASTI at project leader ng iGov project.

Ang programang Balik Scientist ng DOST ay naglalayong hikayatin ang mga dalubhasang Pilipino na sa kasalukuyang nasa ibayong dagat na bumalik sa bansa upang ibahagi sa mga Pilipino ang kanilang kaalaman.

LarawaNews



Isinapubliko kamakailan ang resulta ng pag-aaral na tinaguriang Next Wave Cities 2010-2011 ng DOST-Information and Communication Technology Office (DOST-ICTO) at ng Business Processing Association of the Philippines tungkol sa 10 lungsod sa bansa na posibleng maging lokasyon ng BPO sa darating na mga taon. Nasa larawan mula kaliwa ay sina dating CICT Commissioner Monchito Ibrahim, BPAP President Benedict Hernandez, DOST Secretary Mario G. Montejo, DOST-ICTO Executive Director Napoleon Louie Casambre, Jones Lang LaSalle Leechiu Country Head David Leechiu, at BPAP Senior Executive Director Gigi Virata. (Kuha ni Gerry Palad, S&T Media Service)